IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# MGA UMUUSBONG NA SALITA: PAGKATUTO AT PAGGAMIT NG HENERASYONG ALPHA

Joshua Grace V. Garcillan [1] Ma. Theresa E. Macaltao [2]

[1] *Aringay National High School, Department of Education, Philippines*
[2] *Pangasinan State University, Pangasinan, Philippines*

https://doi.org/10.5281/zenodo.19498071

## ABSTRACT

Ang bagong anyo ng mga salita na natatamo at nagagamit ng makabagong henerasyon, ang Alpha ang siyang binigyang pansin ng pag-aaral na ito. Layunin din nitong makita ang lawak ng sakop ng impluwensiya ng henerasyong Alpha sa paggamit ng umuusbong na salita mula sa kanilang henerasyon patungo sa nakatatandang henerasyon. Ang pag-aaral na ito ay nilapatan ng Mixed Method na disenyo at nilahukan ng 380 na mamamayang nabibilang sa henerasyong Dakila, Baby Boomers, X, Y, Z at Alpha mula sa bayan ng Santo Tomas, La Union. Gamit ang semi-structured survey na talatanungan at panayam. Lumabas sa naging pag-aaral na malawak ang paggamit ng henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa kasalukuyan at tanging henerasyong Y at Z ang may malapit na agwat sa paggamit nito. Mahina ang impluwensya ng henerasyong Alpha sa X, Baby Boomers at Dakila dahil na rin sa kawalan ng pagkalantad sa pinanggagalingan ng mga umuusbong na salita. Lumabas din sa pag-aaral na may pagkatuto sa larangan ng midya, komunikasyon at sosyolingguwistikong komunidad. Ang umuusbong na salita batay sa resulta ay may pag-aangkop na nakadepende sa iba't ibang sitwasyon at kausap. Isang modelo patungkol sa pagkatuto at paggamit ng henerasyong Alpha sa mga umuusbong na wika ang nabuo upang higit na maunawaan ang daloy ng umuusbong na salita mula sa pinagmulang behikulo patungo sa Alpha, paggamit sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon hanggang sa mga iba't ibang henerasyon.

**Mga susing salita:** *Umuusbong, Modelo, Henerasyong Alpha, Komunikasyon, Makabago*

## PANIMULA

Wika ang nagbubuklod at tumutulong upang magkaisa ang bawat taong kabilang sa isang lipunan. Instrumento ito upang magkaroon ng ugnayan, transaksiyon at unawaan sa loob ng lipunang ginagalawan. Hindi napagtatanto ng karamihan kung gaano ito kahalaga sa pang-araw-araw na buhay. Ito ang sandatang tangan-tangan upang patuloy na makasabay sa agos ng lipunang kagyat ang pagbabago sa paglipas ng panahon. Itinuturing din itong pagkakakilanlan sa isang indibidwal upang maipakita ang kultura't pamumuhay sa lipunang kinabibilangan.

Batay sa sociologist na si Durkheim, ang pagkabuo ng lipunan ay ang pamamalagi ng mga tao sa isang lugar. Bawat isa ay may kanya-kanyang gampanin sa loob ng komunidad. Ito ay ang pakikisama, pamumuhay, pakikipag-ugnayan sa bawat isa. Ito ay inulit at ginamit sa pag-aaral nina (Malik at Malik, 2022). At upang magkaroon ng ugnayan, ang wika ang siyang magiging daluyan sa pagkakaunawaan. Hindi maitatangging ang wika ay nakakulong lamang sa larangan ng komunikasyon, maging sa pagpapanatili sa pagkakakilanlan ng isang indibidwal sa kinabibilangang pangkat ay nakatali rin sa wika. Batay sa librong Language and Social Behavior na isinulat ni Robinson (1972), isang lingguwista, ang isa sa mga tungkulin ng wika ay pagkilala sa kalagayan ng damdamin at pagkatao, pagkakakilanlan sa lipunan at ugnayan, sunod ay ang pagtukoy sa antas ng buhay sa lipunan. Ang librong ito ay ginamit din sa pag-aaral ni (Martins et al., 2021). Ang isang lipunan ay naiiba mula sa ibang komunidad dahil sa wika. Ang bawat mamamayang kabilang dito ay iba't ibang gulang, panahong kinamulatan, kinabibilangan at pagbabagong nasaksihan. Bawat panahon ay may mahalagang ambag sa pagkakabuo ng wika. Ang bawat panahon ay saksi sa ebolusyong napagdaraanan ng wikang sinasalita sa pakikipagtalastasan sa kapwa. May kanya-kanyang pananaw sa mga nagaganap sa lipunan.

Sa pakikisalamuha, may kakayahan ang bawat mamamayan upang mas maging mabisa ito sa pakikipagtalastasan. Sa larangan ng sosyolingguwistika, kinakailangang maisaalang-alang ang ugnayan sa kausap, impormasyong tinatalakay at ang lugar ng kanilang pinag-uusapan upang masabing may kakayahang sosyolingguwistiko ang isang tao. Batay na rin sa acronym na SPEAKING ni Dell Hymes, naisama ang tatlong ito: participant, setting at norm. Ayon naman kina Zahro et al. (2020) sa wika, marapat lamang na maisaalang-alang ang salik-panlipunan tulad ng ugnayan sa kausap, paksang pinag-uusapan, lugar at iba pa. Taglay ng kakayahang ito ang pag-aangkop sa anomang uri ng salik sa komunikasyon. May pagkilatis sa bawat sitwasyon at pagkakataon kung ano ang nararapat magamit sa loob ng usapan. Henerasyon mula sa henerasyon, ang pagbabago ay lantad at hindi maiaalis sa sistema ng panahon. Kung kaya't marami ang nakaiimpluwensiya sa wika.

Bukod sa sekta ng edukasyon, ang pagkatuto ng wika sa maraming kabataan ay nalantad sa pamamagitan ng teknolohiya at midya na siyang kadalasang nakaiimpluwensiya sa mga salitang kanilang ginagamit sa araw-araw. Lumitaw sa pag-aaral na isinagawa nina Tagliamonte at Denis (2020), dahil sa pag-usbong ng mga digital platform, nalalantad sa mga kabataan ang iba't ibang anyo ng wika at diskurso na siyang

nakaaapekto sa kanilang lingguwistikong gawi at pagpili ng wikang gagamitin. Makikita rin sa pananaliksik ni Androutsopoulos (2019) na ang mga iba't ibang social media platforms gaya ng Facebook, Twitter (X) at Instagram, ay nagiging dahilan sa pagkakaroon ng pagbabago sa wikang sinasalita at ginagamit na nagreresulta sa pagbabago ng wika. Nabanggit at nakatuon ang pag-aaral na ito sa tinatawag na Language Variation at Informal Registers na siyang ginagamit sa pakikipag-ugnayan ng kabataan sa online na mundo.

Bagama't sa mga pag-aaral, teknolohiya ang may malawak na sanhi sa pagtamo ng wika ng mga kabataan, hindi isinasantabi ang iba pang salik na maaaring makaapekto sa pagkatuto at paggamit sa mga salita ng mga kasalukuyang henerasyon maging ang pagsasaalang-alang sa lipunang kinabibilangan ng mga ito. Mula sa lipunan, marami ring salik sa pagtamo ng wikang sinasalita ng isang indibidwal.

Sa mga nakalipas na henerasyon hanggang sa kasalukuyang henerasyon, hindi maitatanggi na ang wika ay nagbabago sa paglipas ng panahon, sa pagpapanatili ng tradisyunal na wika hanggang sa pagtawid nito sa wikang tangan-tangan ng panahon sa kasalukuyan. Lokal na datos ang pag-aaralan maging ang pagtuklas sa bagong anyo ng salitang natututunan at ginagamit sa pakikipagtalastasan ng mga nasa makabagong henerasyon partikular sa mga kabilang ng henerasyong Alpha sa loob ng isang komunidad ang siyang bibigyang-tuon ng pag-aaral.

Sa isang komunidad na binubuo ng magkakaibang panahong kinabibilangan, bawat isa ay may partisipasyon upang maging bahagi sa pagsulong ng tradisyon, kultura, at paniniwala sa isang pamayanan maging sa pagbabahagi ng mga makabago at kasalukuyang sitwasyong nagaganap sa lipunang ginagalawan. Mula sa Pew Research Center (2019), nabibilang sa dakilang henerasyon ang mga naisilang bago o habang World War II sa kabilang banda, ang mga Baby Boomers ay naisilang pagkatapos ng ikalawang digmaang pandaigdig sa taong 1946–1964. Generation X (1965-1980) naman ay namulat sa panahon ng ekonomiko at teknolohikal. Ang henerasyong Y o Millennials (1981–1996) ay kilala sa pagiging digital natives nito. Ayon naman kay Dimock (2019) ang mga kabilang sa henerasyong Z (1997–2012) ay lumaki sa panahon ng globalisasyon at sosyal na kamalayan. At huli at kasalukuyang henerasyon, ang henerasyong Alpha (2013–kasalukuyan), na pinanganak sa Digital Age batay kay McCrindle (2020).

Ang pag-aaral na nais pagtuunan ng mananaliksik ay malaman ang pinakabagong impormasyon tungkol sa umuusbong na salita mula sa makabagong henerasyong namamalagi sa isang lipunan na may iba't ibang pagkalantad sa midya at teknolohiya patungo sa mamamayan nabibilang sa iba't ibang henerasyon. Tunay na ang wika ay nakatali sa panahon at kasabay ng pagbabago, ganoon din ang wika.

Sa kasalukuyan, maraming mga pagbabago sa wika buhat na rin ng globalisasyon. Hindi kaila ang pagbabagong hatid nito sa wika na siyang daluyan at behikulo upang magkaroon ng talastasan at pagbabahagi ng impormasyon sa iba't ibang larangan tulad ng ekonomiya, teknolohiya, politika, negosyo, migrasyon, edukasyon at iba pang

nangangailangan sa pakikipagtalastasan. Sa pag-usbong ng mga wika buhat sa henerasyong ito, maraming mga kadahilanan sa pagkakabuo at pagkakatamo nito na siyang nagbibigay muli ng panibagong pagsasaayos sa kaangkupan at nararapat na gamit ng mga salita. Ang isang umusbong na salita ay tanggap kung ito ay ginagamit na sa pakikipagtalastasan sa loob ng isang komunidad na may iba't ibang henerasyong kinamulatang pagbabago sa lipunan.

Ang mga ganitong senaryo ang nagbunsod sa mananaliksik upang isagawa ang pag-aaral na ito upang suriin ang kasalukuyang kalagayan ng mga umuusbong na salita sa loob ng lokal na konteksto na natututunan at ginagamit ng mga kabilang sa henerasyong Alpha at ang impluwensiya nito sa iba pang henerasyon. Mahalagang matukoy kung hanggang saang henerasyon naaabot ang lawak ng paggamit ng mga ito, paano nagagamit sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon maging sa kung paano nagkakaroon ng pagtamo at pagkatuto buhat sa mga umuusbong na salita sa loob ng lokal na bayan ng Sto. Tomas, La Union. Ang magiging resulta ng pag-aaral ay magbubunsod sa pagkakabuo ng isang modelo kung paano natututunan at nagagamit ang mga umuusbong na salita ng makabagong henerasyon na makatutulong upang magkaroon ng karagdagang pag-unawa sa mga pagbabago ng salita sa kasalukuyan.

Bilang bahagi ng pananaliksik sa pagsusuri sa pagkatuto at paggamit ng umuusbong na salita buhat sa makabagong henerasyong Alpha na nabibilang sa isang komunidad gaya ng bayan ng Sto, Tomas, La Union, isasaalang-alang ng mananaliksik ang ilang teorya na makapagbibigay ng gabay sa pag-unawa sa nakapaloob sa pag-aaral. Isa sa mga teoryang ito ay ang Sosyo-kultural ni Lev Vygotsky. May mahahalagang tala ang teoryang ito na makatutulong sa konsepto ng pag-aaral. Nahuhubog sa isang indibidwal ang pag-unlad ng kognitibong aspeto buhat sa kultural at sosyal na salik. Batay sa teoryang ito, ang pakikisalamuha ay may mahalagang gampanin sa kakayahang mental ng isang bata. Mahalaga rin ang nabuong konsepto ng teoryang ito na ang isang komunidad ay binubuo ng kultural na paniniwala at maalam na miyembro na siyang nakatutulong sa proseso ng pagkakaroon ng makahulugang pagkatuto. Sa pamamagitan ng ganitong proseso, nahuhubog ang mas mataas na katungkulang mental ng isang tao.

Ang halimbawa nito ay ang wika at komunikasyon. Ang wika ang tinuturing isang kultural na kasangkapan sa isang lipunan. Ang More Knowledgeable Other (MKO) ni Lev Vygotsky, ipinaliliwanag na ang isang lipunan ay binubuo ng mga miyembrong may nakatataas na kaalaman o kakayahan sa pag-unawa na siyang makatutulong sa iba pang kabilang sa isang komunidad. Hindi lamang ito umiikot sa isang tao, maaari rin ikondisera ang tulong ng teknolohiya. Sa sitwasyong ito, nagkakaroon ng papel ang bawat miyembrong makapagbahagi ng kagalingan sa kinabibilangan. Sa larangan ng mga taong may kinabibilangang henerasyon, may mga pagkakataon na nakapagbabahagi ang mga kabilang sa matatandang henerasyon sa pagpapalaganap ng impormasyon patungkol sa kultura't tradisyon ng isang pamayanan, samantalang ang mga nasa makabagong henerasyon, nakapagbabahagi naman ng kanilang kagalingan sa larangan ng teknolohiya at social media. Nakapaloob naman sa Zone of Proximal Delopment (ZPD) ni Vygotsky na mas nahuhubog sa isang bata ang kakayahan kapag may gumagabay sa kaniya kaysa sa pag-iisa. Sa kabuoan, binibigyan ng kahalagahan ang wika sa teoryang ito bilang kasangkapan sa pakikisalamuha na ang layunin ay kumonekta

sa isa't isa sa loob ng isang lipunan. Makatutulong ito upang masuri ang kaugnayan ng lipunan sa mga paraan upang matuto at magamit ang mga salitang lumilitaw kasabay ng pagbabago ng panahon. Ang konseptong ito ay makatutulong upang mas maunawaan pa ang galaw ng wika sa araw-araw na paggamit nito mula sa iba't ibang indibidwal na nakikipagtalastasan sa loob ng isang komunidad.

Sunod ay ang Sapir-Wholf Hypothesis o tinatawag na Linguistic Relativity Hypothesis. Batay sa hinuhang ito, ang estruktura ng gramatika at berbal na wika ng isang indibidwal ay impluwensiya kung paano nila nakikita ang mundo. Ayon pa sa hinuhang ito, ang pagkakaiba-iba ng wika ay nakaaapekto sa pag-iisip, pananaw at ugali kung kaya't ang mga tagapagsalita ng mga wika ay nag-iisip at kumikilos nang naiiba.

Ang kultura ay pagkakaroon ng kaugalian, pamantayan at paniniwala sa kinabibilangang lipunan samantalang ang wika ay nagagamit para sa kultural at panlipunang pangangailangan. Kung kaya't mayroong relasyon ang dalawa sa kung papaano nakikipag-usap at nakikita ang mundong ginagalawan. Isang tanong na nais sagutin nina Sapir at Wholf ay kung paanong ang wika ng isang lipunan ay nakaiimpluwensiya sa kultura. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang wikang ginagamit ay nakahuhubog sa pamamaraan ng pag-iisip at kung paano nakikita ang mundong ginagalawan. Hindi inaalis ng mananaliksik ang kaugnayan ng teoryang ito sa isang sitwasyong panlipunan na may iba't ibang henerasyon at pagbabagong nasaksihan. May mga kanya-kanyang natunghayang mga wika sa paglipas ng panahon na siyang nakaapekto sa kanilang kasalukuyang pananaw ng paggamit ng mga ito sa iba't ibang pagkakataon. Ang mga nasa matatandang henerasyon, pawang mga wikang natamo sa kanilang araw-araw na buhay ang mga salitang kanilang nabibitawan at ginagamit habang ang mga nasa mas batang henerayson naman ay ang pagbabago bunsod ng pag-unlad ng teknolohiya kung kaya't madalas ang salitang ginagamit ay mga natagpuan sa mundo ng digital.

Batay na sa teorya ni Mark Alexander Kirkwood Halliday na Fundamental Theory, mula sa kanyang libro na Explorations in the Functions of Language (Explorations in Language Study) 1973, na ginamit din sa pag-aaral nina Ahamada et al. (2019) inisa-isa niya ang pitong tungkulin ng isang wika, ito ay ang Instrumental, Regulatoryo, Interaksiyonal, Personal, Heuristiko, at Impormatibo. Sa mga tungkuling ito, nagagamit ang wika sa pakikisalamuha sa isang lipunan na may iba't ibang pangangailangan kung kaya't naaapektuhan ang wikang ginagamit sa pakikipag-ugnayan na nakabatay sa kani-kanilang interes at layunin. Sa isang sikat na panood na "Tarzan" makikita sa pangunahing tauhan ang wikang kanyang ginagamit batay sa nakasanayan at nakamulatan nito. Kung kaya't upang magkaroon ng ibang salitang maaari niyang gamitin sa pakikipag-usap, kinakailangan niyang mailantad ang sarili sa ibang lipunan na may sarili ring anyo ng wikang sinasalita. Isang magandang halimbawa ito upang makita ng makabagong henerasyon kung ano-anong umuusbong na salita ang kanilang nakasasalamuha at ginagamit maging ang mga nakatatandang henerasyon sa paggamit ng mga umuusbong na salitang nakapagpapabago sa kanilang pakikipag-ugnayan sa lipunan. Kung ano ang kadalasang nakalantad sa isang indibidwal ay siya ring makaiimpluwensiya sa wikang kanilang ginagamit. Sang-ayon dito ang Substratum

Theory, ang kasaysayan ay maaaring humubog sa wika sa paglipas ng panahon. Ang pagbabago ng wika ay buhat sa pakikipag-ugnayan. Tulad na lamang ng migrasyon, kolonisasyon, kalakalan at social networking (Dayag at Del Rosario, 2017).

Sa pag-aaral na ito, mahalagang maisaalang-alang ang mga dahilan ng pagbabagong kinakaharap ng wika upang mas maintindihan ang mga umuusbong na salita na ginagamit ng makabagong henerasyon na siyang nagagamit din ng mga matatandang henerasyon sa loob ng isang lipunan upang magkaisa at magkaunawaan.

## Layunin ng Pananaliksik

Sa kabuoan, hinangad ng pananaliksik na itong makita ang pagkatuto at paggamit ng henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita. Ninais masagot ang mga tiyak na layuning sumusunod:

1. Ano-anong mga salitang umuusbong ang ginagamit ng Henerasyong Alpha sa bayan ng Sto. Tomas, La Union?
2. Saan natututunan ng Henerasyong Alpha ang mga umuusbong na salita?
3. Paano natututunan ng Henerasyong Alpha ang mga umuusbong na salita?
4. Paano ginagamit ng Henerasyong Alpha ang mga umuusbong na salita sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon?
5. Ano-anong henerasyon ang gumagamit sa mga umuusbong na salita?
6. Ano ang modelong mabubuo ukol sa pagkatuto at paggamit ng mga umuusbong na salita sa bayan ng Sto. Tomas, La Union?

# METODOLOHIYA

## Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwantitatibo at kwalitatibong pamamaraan o Mixed Method na disenyo sa pananaliksik. Upang mabigyan nang malalim na pagsusuri ang mga suliranin sa pag-aaral, ginamitan ito ng Concurrent-Nested na estratehiya. Pangunahing tuon ng pananaliksik na ito ang kwantitatibong datos habang nakasuporta naman ang kwalitatibong datos na siyang nagbigay ng karagdagang impormasyon sa pag-aaral. Nangalap ng mga datos ang mananaliksik mula sa dalawang pamamaraang ito nang sabay sa isinagawang pag-aaral. Batay sa pag-aaral nina Şahin at Öztürk (2019) nakatutulong ang paggamit ng Mixed Method upang mapatibay pa ang kalidad ng pag-aaral sapagkat ang isa ay nakasuporta, nakadaragdag at nakapagpapalawak naman ng impormasyon ang isa.

Bilang karagdagan, ginamit ng mananaliksik ng cross sectional survey na disenyo sa pagkalap ng mga datos mula sa isang itinakdang panahon o oras lamang. Ito ay nakapagbigay nang nararapat na katugunan sa isinagawang pag-aaral sa mga respondente dahil ang datos ay maaaring makalap lamang sa isang natatanging

panahon. Sa huli, ito'y binigyan ng kahulugan mula sa mga datos na nakalap bilang pangkalahatang resulta ng pagsusuri.

## Lokal na Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa piling mga mamamayan mula sa bayan ng Santo Tomas, lalawigan ng La Union.




**Figyur 1: Mapa ng Sto. Tomas, La Union. Lokasyon sa isinagawang pag-aaral.**

Ang bayan ng Santo Tomas sa lalawigan ng La Union ay binubuo ng dalawampu't apat na barangay. Ito ay ang sumusunod: Ambitacay, Bail, Balaoc, Balsaan, Baybay, Cabaruan, Casantaan, Casilagan, Cupang, Damortis, Fernando, Linong, Lomboy, Malabago, Namboongan, Namonitan, Narvacan, Patac, Poblacion, Pongpong, Raois, Tubod, Tococ at Ubagan. Ang mga barangay na ito ay sumailalim sa pananaliksik at nagbigay nang sapat na impormasyon sa isinagawang pag-aaral. Batay sa Provincial Development and Physical Framework Plan 2017-2025 ng La Union (2.3.3 Wika at Dayalekto), 92 na porsiyento ng kabuoang populasyon ng La Union ay gumagamit ng Iloko bilang pamamaraan ng komunikasyon sa lipunan, ayon sa ulat noong CY 2010, bumaba ito ng 86% O 6%. Ang iba pang wikang sinasalita sa lalawigang ito ay Kankanai/Kankaney/Kankanaey (4%), Tagalog (2%) Pangasinan/Panggalatok (1 %), Ibaloi/Inibaloi (1%) at ang natitirang 6% ay kabilang sa ibang pangkat etniko. Nabanggit din sa balangkas na ito ang bayan ng Sto. Tomas na may mga residenteng nagsasalita maliban sa Iloko. Maging sa pag-usbong ng mga makabagaong teknolohiya, ang malawakang paggamit ng social media platfoforms ay nakahuhubog ng bagong anyo ng wikang ginagamit ng mga kabataan sa pakikipagtalastasan. Nais malaman ng pananaliksik na ito ang pagkatuto at paggamit ng mga makabagong henerasyon sa mga umuusbong na salita sa bayan ng Sto. Tomas, La Union.

## Populasyon ng Pag-aaral

Sa pananaliksik na ito, sumailalim ang iba't ibang henerasyon sa pagsusuri. Ang mga kabilang na henerasyon ay ang sumusunod: Dakila, Baby Boomers, X, Y Z at Alpha. Ang pag-aaral na ito ay may pagtuon sa makabagong henerasyon, ang Alpha Binubuo ito ng tatlong daan at walumpung (380) mamamayan mula sa iba't ibang barangay batay sa uri ng henerasyong kanilang kinabibilangan. Upang matiyak na ang lahat ng barangay sa bayan ng Sto. Tomas ay makukuhanan ng datos, pipiliin ang mga ito sa pamamagitan ng stratified random sampling. Sa stratified random sampling, mabibigyan ang bawat henerasyon ng kinatawan mula sa sub-grupo bilang bahagi ng pangkalahatang populasyon sa bayan ng Sto. Tomas, La Union na siyang nagpatibay sa isinagawang pagsusuri.

Sa pagkalap ng mga datos mula sa mga kalahok ng pananaliksik, nakapokus ito sa mga residenteng naninirahan sa bayan ng Sto. Tomas, La Union. Ang mga kalahok ay napili sa pamamagitan ng taon ng kanilang kapanganakan, at may partisipasyon sa pang-araw-araw na komunikasyon sa lipunang ginagalawan gamit ang wikang nalalaman. Sa proseso ng pagkalap ng mga datos, hindi naipabilang ang mga mamamayang walang kakayahang makapagbigay ng impormasyon na hinihingi sa pag-aaral. Hindi na ibinilang ang mga taong hindi permanenteng naninirahan sa lugar, may problemang pangkalusugan, at masyadong matanda na at bata pa na kung saan walang kakayahang makapagbahagi ng mga datos sa pag-aaral. Idagdag pa ang mga delikadong mga lugar na magiging banta sa kaligtasan ng mananaliksik ay siyang naisaalang-alang.

## Instrumento at Pamamaraan ng Pagkalap ng mga Datos

Sa pagkuha ng mga kailangang datos sa pananaliksik para sa mga suliranin, gumamit ang mananaliksik ng semi-structured survey na talatanungan. Pagdating naman sa validity sa talatanungan, sa tulong ng limang propesyunal na eksperto sa wika, gamit ang validity questionnaire, nakakuha ang semi-structured survey na talatanungan ng median value na 5 na nangangahulugang may mataas na antas ng validity ang inihandang talatanungan at angkop para sa isinagawang pag-aaral.

Nagsagawa rin ng panayam at pagsagot sa open-ended na talatanungan na siyang pinagkuhanan ng datos para sa ikaapat na suliranin. Para sa huling suliranin, ang paglikha ng modelo sa pagkatuto ng wika ay ibinatay sa naging resulta ng ugnayan ng mga baryabol sa pananaliksik.

## Paraan ng Pagsusuri ng mga Datos

Para sa interpretasyon ng mga datos na nakalap, gumamit ang mananaliksik ng Cross-tabulation na pamamaraan para sa ikaunang suliranin upang makita ang distribusyon ng paggamit sa umuusbong na salita mula sa henerasyong Alpha. Ang mga salitang nasa talahanayan 1 ay napili nang magsagawa ang mananaliksik ng pre-survey mula sa apatnapung kataong may gulang na labing-isa hanggang labing-dalawa. Ang

pinaka-karaniwang umusbong na salitang kanilang ibinahagi ay pinili ng mananaliksik upang ipabilang sa inihandang talatanungan.

Sa pagsusuri naman mula sa ikalawang suliranin, gumamit ng Descriptive Statistics (Frequency count at Percentage) sa pagsusuri ng datos upang malaman ang pinagmumulan ng mga umuusbong na salita ng makabagong henerasyon.

Mula naman sa pagsusuri ng ikatlong suliranin ng pag-aaral, gumamit din ng Descriptive Statistics (Mode) upang malaman ang mga salik na pinakakinikilala ng henerasyong Alpha kung paano natututunan ang mga umuusbong na salita.

Mula sa naging resulta ng cross-tabulation na isinagawa para sa ikaapat suliranin, tinukoy gamit ang percentage at frequency count (Descriptive statistics) ang lawak ng paggamit ng mga umuusbong na salita na kabilang sa henerasyon Dakila, Baby Boomer, X, Y at Z.

Gumamit ng SPSS (Statistical Package for the Social Sciences) sa pagkuha ng resulta. May paggabay ng isang statistician at guro sa isang unibersidad na may malalim na karanasan sa larangan ng statistics na kailangan sa interpretasyon ng mga datos na nakalap.

Para naman sa pagsusuri sa nakalap na datos buhat sa kwalitatibong paraan mula sa ikalimang suliranin ng pag-aaral, nagsagawa ng thematic analysis sa pag-unawa ng mga pattern na may pagtuon sa kahulugan at konteksto ng mga sagot na nakalap mula sa isinagawang panayam sa piling respondente mula sa henerasyong Alpha at maging sa mga datos na nakuha sa semi-structured survey na talatanungan. Ang layunin ng pag-aaral at ang pagkuha ng permiso sa pagsagawa nito ay malinaw na inilahad sa mga kalahok. Ang nakalap na transcription at code mula sa kasagutan ng mga kalahok ay kinolekta at ibinuod batay sa pattern na ipinakikita nito. Sa kabuoan, ang mananaliksik ay gumamit ng iba't ibang paraan ng pagsusuri sa isinagawang pananaliksik upang maiwasan ang pagkiling kung dedepende lamang sa iisang paraan sa pag-aaral ng mga datos.

## Saklaw at Limitasyon

Saklaw ng pag-aaral na ito ang pagsusuri sa pagkatuto at paggamit ng umuusbong na salita sa bayan ng Sto. Tomas, La Union. Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa mga piling mamamayan sa bayan ng Sto. Tomas na kabilang sa Henerasyon ng Dakila, Baby Boomers, X, Y, Z at Alpha. Napili ang mga kalahok sa pamamagitan ng stratified random sampling upang masigurong may kinatawang henerasyon sa bawat barangay. May 380 na kalahok sa pag-aaral na siyang pinanggalingan ng mga impormasyon upang maging kinatawan sa kabuoang populasyon sa bayan ng Sto. Tomas, La Union. Gumamit ng mga pamamaraan sa pangangalap ng datos tulad ng paggamit ng semi-structed na talatanungan at panayam. Ang modelong nalikha sa pagkatuto at paggamit ng mga umuusbong na salita ay nakabatay sa mga baryabol ng pananaliksik na siyang nagdikta sa kinahinatnan ng modelong nabuo. Ang pinaghalawan ng datos sa mga umuusbong na

salita ay nakapokus lamang sa mga nasa henerasyong Alpha batay sa pagkatuto at paggamit ng mga ito. Piling mga usong salita lamang ang isinama pananaliksik na sumikat sa kasalukuyan na ginagamit ng mga kabataan.

Ang nasabing mga kalahok ay nagtataglay ng kakanyahan upang makasagot sa mga hinhinging impormasyon sa pag-aaral. Hindi na isinali ang mga may kahirapan sa pisikal at mental na katayuan, may mababang pang-unawa sa mga katanungan dahil sa napakamurang edad, lugar na delikadong maabot ng mananaliksik na magiging banta sa seguridad nito. Maging ang pambribadong restriksyon ng mga kalahok upang maitago ang pagkakakilanlan ay binigyan ng respeto. Verbal lamang at hindi na saklaw ang non-verbal na komunikasyon. Hindi rin isinasantabi ng mananaliksik ang pagkakaroon ng kahinaan pagdating sa mga nakuhang datos sa kung gaano kalawak ang isinagot sa pag-aaral mula sa talatanungan na nagbigay nang sapat na impormasyon upang masuri.

## RESULTA

### Mga salitang umuusbong na ginagamit ng Henerasyong Alpha sa bayan ng Sto. Tomas, La Union.

Narito ang talang nakalap mula sa mga salitang umuusbong na ginagamit mula sa mga respondenteng kabilang sa henerasyong Alpha. Naipakikita mula sa talahanayan 1 ang mga salitang umuusbong mula sa makabagong henerasyon na ginagamit sa bayan ng Sto. Tomas, La Union. Mula sa mga salitang ito ay nabibigyang representasyon sa kabuoang kahulugan ng umuusbong na salita, sapat upang ipakita ang pagbabago sa wika ng makabagong henerasyong Alpha. Ilan sa mga ito ay buhat sa mga umuusong salita ng kabataang ginagamit sa pakikipag-usap. Ito ay nakategorya bilang Filipino *slang*, *Internet* at Panlarong *slang*, *Tiktok trend* at *Pandemic-related*.

**Talahanayan 1.1**
**Filipino Slang na Salita**

| | **Umuusbong na salita mula sa Henerasyong Alpha** | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Afam | Anyare? | Bae | Beshie | Bet | Budol | Chariz/C harot | Chika | Gidli | Iskibidi | Jejemon | Keri | Kupal | Lodi | Dasurv | Edi Wow | Eem | Eabab/e | Yarn |
| May alam | 57 | 58 | 44 | 0 | 50 | 14 | 24 | 0 | 76 | 93 | 75 | 77 | 17 | 17 | 28 | 0 | 50 | 52 | 55 |
| Guma-gamit | 57 | 56 | 70 | 11 | 64 | 10 | 90 | 11 | 38 | 21 | 39 | 37 | 97 | 97 | 86 | 11 | 64 | 62 | 59 |

Makikita sa talahanayan 1.1, narito ang ilang umuusbong na salita ng Alpha. Batay sa talahanayan 1.1, Nanguna ang salitang "Edi wow" "Beshie" at "Chika" na nakakuha ng 100% na paggamit sa pakikipagsalamuha. Samantalang ang pinakamadalang na

gamiting salita ay ang “iskibidi” mula sa umuusbong na wika, nakakuha ng 18.42% mula sa kabuoang kalahok.

**Talahanayan 1.2**
**Internet at Panlarong (Game) Slang**

| | Umuusbong na salita mula sa Henerasyong Alpha | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | AFK | Add to cart | FR | Flex | Clout | Ghosted | Gaslight | Lowkey | Selfie | Woke | Coded |
| May alam | 61 | 69 | 28 | 57 | 96 | 87 | 55 | 87 | 34 | 76 | 79 |
| Gumagamit | 53 | 45 | 86 | 57 | 18 | 27 | 59 | 27 | 80 | 38 | 35 |

Batay sa talahanayan 1.2, ang mga nakatala rito ay mga salitang pumatok, nakilala at ginamit sa mundo ng *internet* at *gaming slang*. Ang salitang “clout” ay nakakuha nang mataas na porsiyento bilang salitang alam lamang ng henerasyong ito ngunit may malimit na paggamit. Habang nakapagtala naman ng mataas na porsiyento ang dinaglat na “FR” mula sa salitang “For real” bilang pinakaginagamit na salita sa kategoryang ito.

**Talahanayan 1.3**
**Tiktok Trend**

| | Umuusbong na salita mula sa Henerasyong Alpha | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Breezy | Coquette | Estetik | Glow-up | Gyatt | Sheesh | SKL | Slay |
| May alam | 82 | 85 | 0 | 73 | 103 | 71 | 49 | 28 |
| Gumagamit | 32 | 29 | 114 | 41 | 11 | 43 | 65 | 86 |

Makikita sa talahanayan 1.3 ang mga salitang umusbong mula sa isang sikat na *app* na *Tiktok* na ginagamit ng mga kabataang Alpha sa kanilang usapan sa komunidad. Nakapagtala nang mataas na paggamit ang salitang “estetik” bilang pinakaginagamit na salita sa kategoryang ito. Nangangahulugang hindi lang nila alam ito bagkus ito ay ginagamit sa usapan ng nasa henerasyong Alpha. Ang salitang “gyatt” ay may resultang mababa pagdating sa paggamit sa isang usapan bagama’t nalalaman nila ito, hindi ito

isinasali madalas sa kanilang ginagamit na salita.  Maaaring bunga ito sa pagiging hindi aktibo ang pakikipag-ugnayan sa *digital* na mundo.

**Talahanayan 1.4**
**Pandemic-related**

| | **Umuusbong na salita mula sa Henerasyong Alpha** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Ayuda | Covid | Face to face | Marites |
| May alam | 19 | 0 | 65 | 0 |
| Gumagamit | 95 | 114 | 49 | 114 |

Batay sa talahanayan 1.4. Malaki ang epekto ng pandemya sa wika. May mga umusbong na salita nabuo o nagamit sa panahong ito na nagkaroon ng pagkakataon ang mga tao upang gamitin ang mga piling salita ito ngayon sa pakikipag-usap. May mga dating salitang matagal nang alam ng mga tao ngunit nagkaroon ng ibang kahulugan na nakabatay sa konteksto ng naganap na pandemya. Ang salitang “face to face” ang may mababang resulta sa paggamit ngunit alam pa rin ito ng iba pagdating sa konteksto ng trabaho at pag-aaral.

Kung titignan sa kabuoan ang mga talahanayang ito mula 1.1 hanggang 1.4, hindi makakailang maraming bilang mula sa henerasyong ito ang maraming alam na salitang umuuso at ginagamit ito sa mga usapan upang makipag-ugnayan at makisalamuha. Batay sa mga talahanayang naipakita, may malawak na kamalayan at pagtanggap ang mga henerasyong Alpha sa mga ito sa kanilang pakikipag-usap sa kanilang lipunang ginagalawan. Ang mga salitang slang ay karaniwang ginagamit sa pakikipag-usap na dumaan sa pagbabago sa pagkakabaybay at pagpapakahulugan sa kasalukuyan. Ayon kina Gime at Macascas (2020) ang slang ay binubuo ng mga hindi estandardisadong paggamit ng mga salita. Mula sa karaniwang pakikipasalamuha ang paggamit ng impormal na pananalita. Bahagi ito ng lagpas sa kumbensiyonal na paggamit ng wika.

Sa kabilang banda, may mga salitang nakatala na hindi ganap na nagagamit sa usapan dahilan upang maipakitang may pag-aangkop pa rin ang paggamit ng mga salita sa isang usapan. Nagpapakita na kung may sapat na kaalaman ang mga nasa henerasyong ito sa maayos at tamang paggamit ng mga umuusbong na salita sa komunikasyon ay magkakaroon nang pagkakataong maipakita ang kahalagahan ng wika bilang tulay sa pagsasakatuparan ng mas malalim na ugnayan sa lipunan. Nagbubunsod ito ng pagpapahalaga sa pormal at impormal na konteksto ng komunikasyon. Batay sa resulta, sa paggamit ng umuusbong na wika ng mga nasa henerasyong Alpha ay magbubunsod nang mas malalim na unawa at koneksyon sa isang sitwasyon sa paggamit ng salitang angkop. Sa ganitong paraan, lumalawak ang kamalayan ng kabataan sa pagiging sensitibo sa sitwasyon.

**Pinagmumulan ng pagkatuto sa mga umuusbong na salita ng Henerasyong Alpha**

Ang pagkatuto ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita ay maaaring nagsisimula mula sa mga naririnig sa paligid, natatagpuan sa mga madalas panoorin at basahin, interaksyon sa *digital* na mundo maging ang palagiang pakikisalamuha sa mga tao ang nakatutulong upang makatamo ng mga salitang maaaring magamit sa isang usapan.

**Talahanayan 2**
**Pinagmulan ng pagkatuto sa mga umuusbong na salita ng Henerasyong Alpha**

| | Henerasyong Alpha | |
|---|---|---|
| | **Oo** | **Hindi** |
| ***Midya at Komunikasyon*** | | |
| Balita | 50% | 50% |
| Musikal na Awitin | 38.59% | 61.4% |
| Radyo | 17.54% | 82.45% |
| Online Platform | 78.07% | 21.92% |
| Telebisyon | 61.40% | 38.59% |
| ***Sosyolingguwistikong Komunidad*** | | |
| Dayuhan | 19.29% | 80.70% |
| Libro | 50% | 50% |
| Mall | 21.92% | 78.07% |
| Trabaho | 3.50% | 96.49% |
| Pamilihan | 14.91% | 85.08% |
| Paaralan | 96.49% | 3.50% |
| Tahanan | 62.28% | 37.71% |
| Parke/Pasyalan | 31.57% | 68.42% |
| Transportasyon | 5.26% | 94.73% |
| Simbahan | 29.82% | 70.17% |

Ang nakatala sa Talahanayan 2 ay mga nakatutulong upang matamo ng mga nasa makabagong henerasyon ang umuusbong na wika na siyang kanilang nagagamit sa pakikipagtalastasan sa lipunan. Nanguna sa midya at komunikasyon ang "Online Platform" na nakapagtala ng resultang 89 bilang sinasang-ayunang pinagmumulan ng umuusbong na salita, ibig sabihin, sa bawat 10 katao, humigit kumulang 8 ang sang-ayon dito bilang hanguan ng salitang ginagamit ng nasa bagong henerasyon. Makikita sa naging resulta na nanguna naman sa sosyolingguwistikong komunidad ang "paaralan" bilang pangunahing pinagkukunan ng umuusbong na wika na may sumagot na 110, nangangahulugang sa bawat 10 katao, 10 ang tumutugon sa salik na ito. Karaniwang nakasasalamuha ng isang bata ang mga kapwa mag-aaral na siyang pinagmumulan ng pagkatuto buhat sa impluwensiya ng koneksyon sa *social media.* May kaunting sumang-ayon sa salik na dayuhan, radyo, mall, trabaho, palengke, musikal na awitin, at transportasyon ngunit sapat na upang maging bahagi ang mga salik na ito sa pagkatuto ng umuusbong na salita bagaman hindi ito ang nangungunang pinagmumulan ng

ginagamit na salita ng mga Alpha ay may papel ito sa pagtamo ng mga umuusbong na salita na ginagamit sa komunikasyon.

Sa kabila ng dulot mga salik na ito sa pagkatuto ng umuusbong na salita, ang mga ito ay gumagamit pa rin ng mga kumbensiyonal na paggamit ng salita kung kaya't may kamalayan ang mga Alpha sa kahalagahan ng mga pormal na salita. Kung sila ay nakatatamo ng umuusbong salita na nauuso at nagagamit sa impormal na sitwasyon, nagkakaroon din ng oportunidad ang mga ito upang makita ang pagkakaiba ng mga umuusbong na salita na angkop sa iba't ibang uri ng konteksto.

Ang midya at komunikasyon ay may malaking ambag sa kamalayan ng mga nasa henerasyong Alpha sa iba't ibang kaganapan sa lipunan. Ang midya ay nagkakaroon ng kapangyarihan dahil sa palagiang paggamit nito. Halimbawa na lamang ang social media, lumabas sa pag-aaral nina Kolhar et al. (2021) na may matagal na paggamit sa social networking sites para sa hindi pang-akademikong layunin.

**Paraan sa pagkatuto ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita.**

Ang talahanayan sa ibaba ay nagpapakita ng mga paraan upang matutunan ang mga umuusbong na salita buhat sa midya at sosyolingguwistikong komunidad na pinagmumulan ng mga natututunang salita ng mga kabilang sa henerasyong Alpha.

**Talahanayan 3**
**Mga salik kung paano natutunan ng Henerasyong Alpha ang mga umuusbong na salita**

| **Mga Salik** | **Mode** | **Interpretasyon** |
|---|---|---|
| Natutunan ko ang umuusbong na salita sa **tahanan** dahil: | | |
| *1. naririnig ko ito mula sa aking magulang.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *2. ginagamit ito ng aking kapatid.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *3. nagtatanong ako ng mga bagong salita sa loob ng tahanan.* | **2** | Hindi sumasang-ayon |
| *4. ginagamit ito sa pakikipag-usap sa loob ng tahanan* | **3** | Sumasang-ayon |
| Natutunan ko ang umuusbong na salita sa **paaralan** dahil: | | |
| *1. ito ang mga salitang naririnig ko araw-araw sa loob ng paaralan.* | **4** | Lubos na sumasang-ayon |
| *2. itinuturo ito ng kapwa ko mag-aaral.* | **4** | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. ginagamit ito ng aking mga guro.* | **1** | Lubos na hindi sumasang-ayon |
| *4. nababasa ko itong nakasulat sa pader, upuan, lamesahan at iba pa.* | **2** | Hindi sumasang-ayon |

| | | |
|---|---|---|
| Natutunan ko ang umuusbong na wika sa **Telebisyon, Radyo at Pelikula** dahil: | | |
| *1. madalas mabanggit ng mga Media Personality ang mga bagong salita.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *2. nais kong gayahin ang mga salitang ginagamit ng mga Media Personality.* | **2** | Hindi sumasang-ayon |
| *3. ang mga madalas na pinapanood ko ay gumagamit ng mga bagong salita.* | **3** | Sumasang-ayon |
| Natutunan ko ang umuusbong na wika sa **pamilihan** dahil: | | |
| *1. ginagamit ng mga tindera sa pamilihan ang mga bagong salita.* | **2** | Hindi sumasang-ayon |
| *2. ginagamit ng mga mamimili ang mga bagong salita.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *3.ito ay nababasa ko sa paligid ng palengke.* | **2** | Hindi sumasang-ayon |
| Natutunan ko ang umuusbong na wika sa s**ocial media** dahil: | | |
| *1. pakikisalamuha ko sa online communities.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *2. ginagamit ito ng mga netizen sa kanilang mga post sa social media.* | **4** | Lubos na sumasang-ayon |
| *3. sa kagustuhang makasabay sa uso.* | **3** | Sumasang-ayon |
| *4. ito ang kadalasang binabanggit ng mga influencers sa mundo ng social media.* | **4** | Lubos na sumasang-ayon |

Leyenda:
4-Lubos na sumasang-ayon
3-Sumasang-ayon
2-Hindi sumasang-ayon
1-Lubos na hindi sumasang-ayon

Makikita ang resulta mula sa Talahanayan 3 kung paano natutunan ng mga makabagong henerasyon (Henerasyong Alpha) ang mga umuusbong na salita. Ang bawat salik na ito ay sinukat gamit ang Mode o ang pinakakaraniwang sagot ng mga nasa henerasyong ito, mula sa Likert scale na; 4- Lubos na sumasang-ayon, 3- Sumasang-ayon, 2- Hindi sumasang-ayon, 1- Lubos na hindi sumasang-ayon upang makita ang pananaw ng mga respondente sa pagkatuto ng umuusbong na wika.

Mula sa salik na "Tahanan" nagpakita ng mode na "3" kung saan ang pagkatuto ay nagmumula sa magulang, kapatid maging paggamit sa pakikipag-usap sa loob ng tahanan ito'y may katumbas na interpretasyong "sumasang-ayon." Bagama't hindi ito ang pinakamataas, ipinakikitang may pagkilala at paggamit sa salita ng makabagong henerasyon sa loob ng tahanan, isang paraan upang matuto ang mga kabataan sa mga umuusbong na salita. Nakakuha ng mode na "2" na may katumbas na interpretasyong "hindi sumasang-ayon" ang pagtatanong ng bagong salita sa loob ng tahanan na nangangahulugang kusang nasasambit sa komunikasyon at hindi itinatanong ang mga umuusbong na salita sa loob ng tahanan.

Mula sa naman sa salik na “Paaralan” nanguna ang (1) Natutunan ang mga umuusbong na salita dahil naririnig ito araw-araw sa paaralan at (2) Itinuturo ito ng mga kaibigan at kaklase sa loob ng paaralan. Ang dalawang dahilan na ito kung paano natutunan ang salita ay nakakuha ng mode “4” na may katumbas na interpretasyon na “Lubos na sumasang-ayon” May malaking impluwensiya ang mga taong nakapaligid sa pagkatuto ng umuusbong na salita. Makikita naman na hindi sinang-ayunan ng henerasyong ito na nagmumula sa mga guro at lantad sa mga nakasulat sa paligid ng paaralan ang paggamit ng umuusbong na salita. Kaugnay nito, hindi maikakaila na may limitasyon at hangganan ang paggamit ng umuusbong na wika sa pormal na sitwasyon sa paaralan.

Mula sa salik na “Telebisyon, Radyo at Pelikula” mga kontemporaryong panitikan, sinang-ayunan ng respondente na nagtamo ng mode na “3= sumasang-ayon” ang pagkatuto sa mga umuusbong na wika sapagkat: (1) nababanggit ng mga *media personality* at (2) mula sa pinapanood ay nagagamit ang umuusbong na salita. Samakatuwid, may kamalayan sa mga umuusbong na wika ang henerasyong ito dahil nagagamit sa kanilang pinapanood at pinakikinggan dahilan upang matutunan nila ang mga ito. Hindi naman sinang-ayunan ng henerasyong ito na sa kagustuhang manggaya ay inaaral nila ang mga umuusbong na salita, nagtamo ito ng mode na “2= Hindi sumasang-ayon.”

Mula sa salik naman na “palengke” makikitang isa lamang ang sinang-ayunan ng makabagong henerasyon sa paraan kung paano nila natatamo ang mga umuusbong na salita, at ito ay ang paggamit ng mamimili sa mga salitang ito upang makipag-ugnayan sa lipunan. Nagtala ito ng mode na “3= sumasang-ayon.” Batay sa datos, hindi nagmumula ang pagkatuto ng umuusbong na salita sa mga nagtitinda maging ang mga nakasulat sa paligid ng pamilihan. Isang dahilan kung bakit naging mababa ang resulta nito ay ang mga taong nakakasalamuha sa loob ng pamilihan, karamihan sa mga ito ay mga nasa grupo ng nakatatandang henerasyon.

Mula sa salik na “Social Media” nakapagtala ng dalawang mataas na puntos ang “Paggamit ng *netizen* sa mga *post*” at “Pagbanggit ng *influencers*” sa mga umuusbong na salita. Ito ay may mode na “4= Lubos na sumasang-ayon.” Mataas ang naging resulta ng datos sa paraang ito para matamo at matutuhan ang umuusbong na salita sa kadahilanang ang mga *post* at sikat na mga tao sa mundo ng *social media* ang may malakas na hatak sa mga nabibilang sa henerasyong Alpha. Bagama’t nakakuha ng mode na “3=sumasang-ayon” ang “interaksyon sa *online communities*” at “pakikisabay sa uso” may ambag pa rin ang mga ito upang matutuhan ang mga umuusbong na salita.

Batay sa talahanayan 3, ipinapakitang may malaking impluwensiya ang *digital* na mundo upang matamo ng henerasyong Alpha ang kanilang nalalaman sa mga umuusbong na wika buhat na rin sa malawakang globalisasyon. Lantad sa makabagong henerasyon ang mga salita at ekspresyon. Malaki ang epekto ng teknolohiya sa paghubog sa kaalaman ng makabagong henerasyon sa mga umuusbong na wika. Nabibigyan rin ng pagkakataon ang iba pang salik tulad ng paaralan, kontemporaryong panitikan, tahanan, pasyalan at iba pa, bilang instrumento sa pinagmumulan ng mga

umuusbong na salita bagaman hindi nanguna, nagpapakita naman ito na buhay ang interaksyon sa lipunan. Ang pagkatuto ay hindi lamang sakop ng teknolohiya maging ang mga tradisyunal na pakikisalamuha sa lipunang kinabibilangan ay naisasaalang-alang din.

Ang impluwensiyang hatid ng mga tao at ang wika nito maging ang epekto ng *social media* ay may kontribusyon sa dinamiko ng wika sa loob ng komunidad (Lachica at Ferrer, 2024). Ayon pa sa kanilang pag-aaral, mas palagay ang loob ng mga nasa makabagong henerasyon sa paggamit at paglahok sa wika ng teknolohiya kaysa sa Inang Wika.

**Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na wika tungo sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon.**

Batay sa naging resulta mula sa mga kasagutan ng henerasyong Alpha patungkol sa paggamit ng mga umuusbong na salita tungo sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon tulad ng pamilya, paaralan, kaibigan, *text message/chats, social media* at sa pang-araw-araw na buhay, narito ang mga pagsusuring nakalap sa isinagawang panayam at bukas na tanong sa talatanungan. Nakabuo ng mga tema sa bawat konteksto ng komunikasyon batay sa paggamit ng makabagong henerasyon.

**Talahanayan 4.1**
**Kontekstong pantahanan**

| **Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng PAMILYA** | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Ginagamit ang mga umuusbong na wika sa pakikipagbiruan<br>• Ginagamit sa pagpapatawa at pakikipagkulitan<br>• Ginagamit kapag nakikipag-bonding<br>• Ginagamit sa tuwing may kasiyahang nangyayari | Sandali ng kasiyahan |

Sa loob ng tahanan ay may malalim na koneksyon ang bawat miyembro nito. Palagay ang loob ng isa't isa kung kaya't maaaring magamit ang mga umuusbong na salita ng makabagong henerasyon sa pakikipag-usap. Sa naging talakayan sa isinagawang pananaliksik sa mga piling kalahok maging sa nakalap na datos mula sa talatanungan, lumitaw na nagagamit ito kung may pagkakataong nagsasama-sama ang bawat isa upang mag-*bonding*. Sa kaganapang ito, nababanggit ang umuusbong na salita sa udyok ng kasiyahan, pagbubuklod at pagbibiruan.

**Talahanayan 4.2**
**Kontekstong pang-akademiko**

| Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng AKADEMIKO/PAARALAN | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Ginagamit sa pakikipag-chismisan<br>• Ginagamit sa pakikipagkwentuhan<br>• Ginagamit sa mga casual talks<br>• Ginagamit sa recitation o pagbabahagi ng saloobin sa mga aralin | Mga chikahan at magaan na usapan |

Sa pag-uusap na nagaganap sa kontekstong pang-akademiko, batay sa talakayan ng isinagawang pananaliksik sa mga piling kalahok maging sa nakalap na datos mula sa talatanungan, lumitaw na nagagamit ang mga umuusbong na salita sa pakikipag-usap sa kapwa mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa magaan na usapan karaniwang nagagamit ito tulad ng asaran at tsismisan tuwing may bakanteng oras. May pagkakataong nagagamit ito sa pakikipag-usap sa mga guro kung nais magbigay ng pabirong komento dala ng magandang pagkakataon ngunit hindi palagian. Nasasambit ito dahil sa bugso ng damdamin kung may pagkakataong magbahagi ng saloobin habang nag-aaral sa kagustuhang magpatawa o pagaanin ang talakayan habang nagkaklase.

**Talahanayan 4.3**
**Kontekstong pangkaibigan**

| Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng KAIBIGAN | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Ginagamit tuwing nakikipagkwentuhan<br>• Ginagamit kapag nagchichismisan<br>• Ginagamit kapag nagpapasikatan<br>• Ginagamit sa mga “casual talks” | Mga magaan na usapan |
| • Ginagamit kapag gustong gawing “shortcut” ang usapan<br>• Ginagamit kapag may gustong ipaintindi | Mapadali ang pakikipag-usap |
| • Ginagamit kapag nag-aasaran at nakikipag-away | Pakikipagbangayan |

Batay sa nakalap na datos, madalas ang paggamit ng umuusbong na salita sa pakikipag-usap sa isang kaibigan. Bagama’t may malalim na koneksyon ang pamilya sa isang tao, may limitasyon ang paggamit ng salita dahil naisasaalang-alang ang kabutihang asal na kadalasang nakakabit sa mga salitang ginagamit. Maging sa

akademikong konteksto, may limitasyon ang paggamit nito dahil sa mas seryosong kapaligiran. Sa kontekstong ito, may magaan at impormal na komunikasyon na kadalasang maririnig at nagagamit sa usapang pangkaibigan. Bukas ang mga kalahok na gamitin ito dahil tanggap at nauunawaan din ito ng kausap. Maging sa mainit na usapan tulad ng bangayan at palitan ng pananaw ukol sa iba't ibang isyung kinakaharap ng mga ito. Sa kontekstong ito, naipakikita ang iba't ibang paraan ng ekspresyon at koneksyon ng makabagong henerasyon lalo na sa mga ka-edad nito.

**Talahanayan 4.4**
**Kontekstong pang-text o pag-chat**

| Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng Text Message/ Chat | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Ginagamit ang mga shortcuts upang mapadali ang pagtext o pagchat<br>• Ginagamit upang mapabilis ang pagchat o pagtext | Mapabilis ang pakikipag-usap |
| • Ginagamit sa pakikipagkulitan at asaran<br>• Ginagamit upang ipakita ang magaan na usapan | Pakikipagbangayan |

Batay sa nakalap na datos, madalas lamang magamit ang umuusbong na salita sa kontekstong ito kapag nais magpakita ng magandang komunikasyon o usapan. Nagbabago mula di-pormal patungo sa pormal kung may seryosong usapan at kausap ang mga kalahok kaya may pagbabago rin sa estruktura ng wikang ginagamit. Madalas na nagagamit ang mga ekspresyon sa kontekstong ito dahil sa kawalan ng pisikal na usapan. Palagian ang pagpapaikli maging pagbabago ng pagkakabaybay sa larangang ito kung kaya't kahit ang kausap sa text/chat ay importanteng tao, minsan ay hindi naiiwasan ang mga impormal na salita.

**Talahanayan 4.5**
**Kontekstong pang-social media**

| Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng SOCIAL MEDIA | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Ginagamit sa pagcomment sa mga posts sa social media<br>• Ginagamit sa paglalagay ng captions sa mga posts<br>• Ginagamit para magmukang "cool at astig" | Pagpapahayag ng sarili at personalidad sa social media |

Sa kontekstong ito, napalalawak ang kaalaman ng mga nasa makabagong henerasyon sa palagiang paggamit ng social media. Dito unang lumalabas ang mga bagong salitang nagagamit sa pakikipag-usap. May malayang paggamit ng salita na siyang ikinokomento sa mga *post* at inilalagay sa bawat *caption post.* Mula sa iba't ibang uri ng usapan, lumilitaw ang mga umuusbong na wikang nagagamit ng mga kabataan at ilan sa mga matatandang henerasyon. Sa kontekstong ito, palagay ang loob ng henerasyong Alpha na gamitin ang umuusbong na salita dahil sa malayang komunikasyon sa loob ng *digital* na mundo. Dahil sa nais makasabay sa uso o *trend*, nagagamit din ito sa labas ng *media* na karaniwang nababanggit sa mga impormal na usapan. Sa pagnanasang magkaroon ng katangiang "astig" o "cool" nagagamit ang mga salitang ito dahilan upang mas magamit pa ang mga umuusbong na salita sa social media. Maraming gumagamit ng social media kung kaya't malawakan rin ang impluwensiya nito sa mga iba't ibang indibidwal na nasi kumunekta sa *digital* na mundo.

**Talahanayan 4.6**
**Kontekstong pang-araw-araw na buhay**

| Paggamit ng Henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita sa konteksto ng PANG-ARAW-ARAW NA BUHAY | |
|---|---|
| **Codes** | **Themes** |
| • Madalas na ginagamit ang umuusbong na wika sa pakikipagusap sa mga kaedad<br>• Ginagamit upang mapabilis ang pakikipagkomunikasyon sa ibang tao | Pagpapahayag ng sarili |
| • Ginagamit upang makasabay sa mga trend sa social media | Pakikiuso at pakikibagay |
| • Ginagamit sa mga "casual talks"<br>• Ginagamit ang mga ito sa pakikipagkulitan sa mga nakakatanda | Hindi pormal na pakikipag-usap |

Sa pag-uusap na nagaganap sa pang-araw-araw na buhay, batay sa talakayan ng isinagawang pananaliksik sa mga piling kalahok maging sa nakalap na datos mula sa talatanungan, lumitaw na nagagamit ito depende sa kausap at pangangailangang naisasagawa sa lipunang ginagalawan. Kung saan may interaksiyon sa komunidad, nababanggit ang mga umuusbong na salita. Mula sa pakikipag-usap sa nakatatanda, sa loob ng tahanan at ka-edad, nagsisimulang ginagamit ito kapag may magandang *mood* sa usapan. Tulad sa teorya ni Mark Alexander Kirkwood Halliday na *Fundamental Theory*, mula sa kanyang libro na *Explorations in the Functions of Language (Explorations in Language Study)*, na ginamit din sa pag-aaral nina Ahamada et al. (2019) na may tungkulin ang wika na nagagamit sa pakikisalamuha sa isang lipunan na may iba't ibang pangangailangan kaya't naaapektuhan ang salitang ginagamit sa pakikipag-ugnayan na nakabatay sa kani-kanilang interes at layunin.

### Paggamit ng iba't ibang henerasyon sa mga umuusbong na salita

Sunod ay ang kabuoang talang nakalap sa mga salitang umuusbong na ginagamit mula sa mga respondenteng kabilang sa iba't ibang henerasyon. Naipakikita mula sa mga talahanayan sa ibaba ang mga salitang umuusbong at ang lawak ng sakop nito mula sa makabagong henerasyon patungo sa nakatatandang henerasyon. Mula sa mga salitang ito ay nabibigyang representasyon sa kabuoang kahulugan ng umuusbong na salita, sapat upang ipakita ang pagbabago sa salita ng makabagong henerasyon. Ilan sa mga ito ay buhat sa mga umuusong salita ng kabataan na naipapasa sa ibang henerasyon.

**Talahanayan 5.1**
**Internet at Panlarong (Game) Slang**

| Umu-usbong na salita | Kahulugan | HENERASYON | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Dakila | | | Baby Boomer | | | X | | | Y | | | Z | | |
| | | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G |
| Add to cart | Pagbili sa online Shop | 19 | 0 | 0 | 26 | 8 | 4 | 55 | 29 | 11 | 0 | 32 | 6 | 0 | 29 | 47 |
| AFK | Away from Keyboard | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 19 | 8 | 52 | 7 | 17 |
| Lowkey | Hindi magarbo at madalang magpa-hayag | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 15 | 19 | 4 | 0 | 50 | 26 |
| Flex | Ipagya-bang o ipakita sa publiko | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 36 | 40 |
| FR | For real? | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 39 | 27 | 10 |
| Gaslight | Pagkontrol o pagmani-pula sa isang tao | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 32 | 6 | 0 | 16 | 19 | 41 |

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ghosted | Biglaang pagkawala ng karelasyon | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 7 | 55 | 14 |
| Clout | Kapangya-rihan at kasikatan | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 48 | 22 | 6 |
| Coded | May kahalintu-lad na katangian sa iba | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 64 | 12 | 0 |
| Selfie | Self-picture | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 0 | 78 | 15 | 0 | 37 | 0 | 0 | 30 | 46 |
| Woke | Kamala-yan sa nangya-yari sa lipunan | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 49 | 27 | 0 |

*Legend: HA (Hindi alam), MA (May alam), G (gumagamit)*

**Talahanayan 5.2**
**Filipino Slang**

| Umu-usbong na salita | Kahu-lugan | HENERASYON | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Dakila | | | Baby Boomer | | | X | | | Y | | | Z | | |
| | | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G |
| Afam | A foreigner around manila | 19 | 0 | 0 | 32 | 6 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 20 | 7 | 32 | 34 | 10 |
| Anyare? | Anong nangyari? | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 27 | 40 | 28 | 0 | 38 | 0 | 0 | 76 | 0 |
| Bae | Pantawag sa isang babae | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 0 | 20 | 18 | 0 | 48 | 28 |
| Beshie | Tawag sa matalik na kaibigan o kaaway | 19 | 0 | 0 | 34 | 4 | 0 | 34 | 21 | 40 | 1 | 37 | 0 | 4 | 42 | 30 |
| Bet | Gusto | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 19 | 8 | 1 | 16 | 59 |
| Budol | Maloko | 19 | 0 | 0 | 30 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 1 | 37 | 0 | 9 | 34 | 33 |

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Chariz/ Charot | Biro lamang | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 19 | 8 | 0 | 22 | 54 |
| Chika | Usapan/ Sasabihin | 19 | 0 | 0 | 30 | 0 | 0 | 78 | 0 | 17 | 1 | 37 | 0 | 0 | 28 | 48 |
| Iskibidi | Pandagdag sa sasabihin | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 63 | 13 | 0 |
| Jejemon | Kakaibang estilo sa pananamit at pag-tetext | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 1 | 37 | 0 | 0 | 55 | 21 |
| Keri | OK | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 19 | 8 | 0 | 28 | 48 |
| Kupal | Pa-cool. Nagpapakita ng kahanga-lan | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 10 | 57 | 9 |
| Lodi | Idol | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 18 | 16 | 4 | 0 | 27 | 49 |
| Gidli | Gilid | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 7 | 48 | 21 |
| Dasurv | Nararapat | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 36 | 2 | 0 | 0 | 23 | 53 |
| Eabab/ ekalal | Babae/ Lalaki | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 0 | 58 | 18 |
| Edi wow | Ekspres-yon sa paghanga na may halong pag-uyam | 16 | 0 | 3 | 30 | 1 | 1 | 16 | 40 | 39 | 0 | 37 | 0 | 0 | 22 | 54 |
| Eme | Joke lang o sinasabi ko lang | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 25 | 13 | 0 | 0 | 32 | 44 |
| Yarn | Iyan | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 0 | 49 | 27 |

*Legend: HA (Hindi alam), MA (May alam), G (gumagamit)*

**Talahanayan 5.3**
**Pandemic-related**

| Umu-usbong na salita | Kahu-lugan | HENERASYON | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Dakila | | | Baby Boomer | | | X | | | Y | | | Z | | |
| | | HD | MA | G | HD | MA | G | HD | MA | G | HD | MA | G | HD | MA | G |
| Ayuda | Mga bagay na ibinibigay ng libre | 0 | 0 | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 16 | 79 | 0 | 0 | 38 | 0 | 8 | 68 |
| Marites | Mare, ano ang latest? Tawag sa mga tsismosa | 6 | 7 | 6 | 8 | 14 | 16 | 10 | 18 | 67 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 76 |
| Face to face | Pagpasok sa paaralan o trabaho | 19 | 0 | 0 | 30 | 8 | 0 | 65 | 15 | 15 | 1 | 37 | 0 | 0 | 16 | 60 |
| Covid | Corona virus disease. Tawag sa mga inuubo o nagpapakita ng sintomas ng sakit | 0 | 0 | 19 | 0 | 6 | 32 | 0 | 0 | 95 | 0 | 1 | 37 | 0 | 17 | 59 |

*Legend: HA (Hindi alam), MA (May alam), G (gumagamit)*

**Talahanayan 5.4**
**Tiktok Trend**

| Umu-usbong na salita | Kahu-lugan | HENERASYON | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | Dakila | | | Baby Boomer | | | X | | | Y | | | Z | | |
| | | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G | HA | MA | G |
| Breezy | Mahangin na tao | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 41 | 35 | 0 |

| | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Glow up | Biglaang pagganda | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 11 | 22 | 5 | 0 | 38 | 38 |
| Gyatt | Malaking pwet. Paghanga sa may magan-dang kurba ng katawan | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 46 | 30 | 0 |
| Coquett e | Malandi o Haliparot | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 42 | 32 | 2 |
| Estetik | Pagsasaal ang-alang sa kaganda-han ng lahat ng bagay | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 48 | 28 |
| Sheesh | Ekspres-yon ng paghanga | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 0 | 68 | 8 |
| SKL | Share ko lang | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 24 | 14 | 0 | 0 | 16 | 60 |
| Slay | Pamatay sa ganda | 19 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 95 | 0 | 0 | 38 | 0 | 0 | 0 | 39 | 37 |

*Legend: HA (Hindi alam), MA (May alam), G (gumagamit)*

Batay sa talahanayan 5.1 hanggang 5.4, makikita ang naging resulta ng pag-aaral kung hanggang saang henerasyon nakarating ang mga umuusbong na salita mula sa makabagong henerasyon patungo sa nakatatandang henerasyon. Ang dakilang henerasyon, itinuturing na pinakamatandang henerasyon ay nakapagtala ng kaalaman sa mga salitang “ayuda” “maritess” “covid” at “edi wow” mula sa talahanayan. Halos ang mga salitang ito ay umuso noong panahon ng pandemya, isang kaganapang bawat tao ay may karanasan dito kung kaya’t naabot nito hanggang sa pinakamatandang henerasyon. Makikitang sa bawat 10 tao, isa lamang ang naabot ng mga umuusbong na salita sa henerasyon. Nangangahulugang malimit ang *exposure* o pagkalantad ng mga matatandang henerasyon sa umuusbong na salita.

Makikita ring mababa ang ginagamit na umuusbong na salita mula sa henerasyong Baby Boomer at X. 4 sa 45 na salita ang ginagamit ng Baby Boomer at 10 sa 45 ang ginagamit naman ng henerasyon X mula sa mga nakatalang mga umuusbong na wika. Ilan sa mga salitang ito ay alam lamang ngunit hindi na ginagamit. 8.9 % sa Baby Boomer at 22.2% sa henerasyon X ang abot ng mga umuusbong na salita. Katulad ng dakilang henerasyon, hindi na halos alam ang mga nauusong mga salita sa kasalukuyan.

Mula naman sa henerasyong Y, 78% walang ng kaalaman sa mga nakatala sa mga talahanayan, samantalang 60% ang may alam sa salitang umuusbong at 31.11% ang gumagamit sa umuusbong na wika. Nangangahulugang may mataas na kaalaman sa mga umuusbong na wika ang henerasyong ito ngunit sa kabilang banda, maraming pa ring hindi alam na salita ang mga ito kung kaya't mababa ang mga salitang kanilang nagagamit. Nangunang salitang nagagamit sa henerasyong ito ay ang "Ayuda" "Maritess" at "Covid" na nakakuha ng 100% sa kabuoang bilang ng respondente mula sa henerasyong Y.

Mula sa datos ng henerasyong Z batay sa talahanayan, may pag-angat sa kaalaman sa mga salitang umuusbong mula sa makabagong henerasyon. 40% mula sa mga umuusbong na wika ang hindi alam ng henerasyong ito. Nakapagtala naman ng 98% mula sa mga nakatala sa mga talahanayan ang alam ng henerasyon Z. Makikita rin sa mga talahanayan, 91.11% ang gumagamit sa umuusbong na wika. Mataas ang naging resulta pagdating sa paggamit ng mga umuusbong na salita buhat sa henerasyong Z na kilala rin sa tawag na GenZ na may malaking kontribusyon sa pag-usbong ng mga salita. May kamalayan ang henerasyon Z sa umiiral na usong salita sa makabagong panahon. Ang henerasyong ito ay transisyon at malapit sa makabagong henerasyon, kung kaya't ang naging resulta ay nagpapakita na may ugnayan ang henerasyong Z sa Alpha. Kayang makasunod, makipagsabayan at makisalamuha ang mga henerasyong kabilang sa Z sa mas batang henerasyon.

Sa kabuoan, may mga umuusbong na salita ang hindi na abot sa nakatatandang henerasyon maging sa paggamit ay hindi na rin nagagawa. Limitado ang paggamit nito, ang mga salitang umusbong at nauso sa makabagong panahon na ginagamit sa *digital* na mundo ay umiiral na lamang mula sa henerasyon Alpha hanggang henerasyon Y na lamang. Makikita sa pag-aaral ni Yeasmen (2024), na ang paggamit ng mga jargons ay ekslusibo lamang sa henerasyong kinabibilangan kung saan hindi madalas gamitin ito sa ibang henerasyon. Magkakaiba ang kasanayan sa umuusbong na wika. Ipinapahiwatig nitong, mas mabilis ang paggamit kung lantad ang isang tao sa mundo ng teknolohiya at pakikisalamuha sa mas batang henerasyon.


Gaya ng nakapaloob sa *More Knowledgeable Other (MKO)* ni Lev Vgotsky, hindi lamang umiikot sa tao, maaari ring ikonsidera ang tulong ng teknolohiya upang magbahagi ng impormasyon. Sa bawat sitwasyon sa lipunan, nagkakaroon ng papel ang bawat miyembrong makapagbahagi ng kagalingan sa kinabibilangan. Tulad na lamang ng mga nasa makabagong henerasyon, nakapagbabahagi naman ng kanilang kagalingan sa larangan ng teknolohiya at *social media.* Kung kaya't ang mga umuusbong na salita ay hindi nabibigyang pagkakataong makapasok sa tradisyunal na gawi sa pakikipag-usap. Hindi naisasama sa kaalaman ng mga ito ang mga salita dahil sa mahinang *access* sa pinagmumulan nito.

## DISKUSYON

**Modelo ukol sa pagkatuto at paggamit ng umuusbong na salita sa bayan ng Sto. Tomas, La Union.**

### MODELO SA PAGKATUTO AT PAGGAMIT NG UMUUSBONG NA SALITA

Pangunahing Layunin. Layunin ng modelong ito na ipakita ang kung paano natutunan at nagagamit ng henerasyong Alpha ang mga umuusbong salita sa isang komunidad, partikular sa bayan ng Sto. Tomas, La Union. Ang pagkakabuo at pagsasalin ng mga umuusbong na salita patungo sa iba't ibang henerasyon ay nais ipabatid din ng pag-aaral na ito. Nais maipakita ang direktang impluwensiya ng mga salik sa pagkatuto ng mga makabagong henerasyon sa mga umuusbong na salita na kanilang nagagamit sa pakikisalamuha sa lipunang kinabibilangan. Ang modelong ito ay nagpapakita ng pag-unawa sa galaw ng umuusbong na salita sa loob ng bayan ng Sto. Tomas, La Union mula sa makabagong henerasyon (Alpha) patungo sa nakatatandang henerasyong Dakila, Baby boomer, X, Y at Z.




**Figyur 2. Modelo sa pagkatuto ng umuusbong na salita sa bayan ng Sto. Tomas, La Union.**

Mula sa mga resultang lumitaw sa isinagawang pag-aaral, ang modelo ay nabuo ukol sa proseso ng pagkatuto at paggamit ng mga umuusbong na salita ng henerasyong Alpha. Ang modelong ito ay magbubunsod nang malalim na pang-unawa sa galaw ng salitang natamo ng makabagong henerasyon sa bayan ng Sto. Tomas, La Union mula sa iba't ibang pinagmumulan ng bagong salitang nagagamit sa pakikisalamuha.

Ang mga pinagmumulan ng mga umuusbong na salitang natatamo ng mga nasa henerasyong Alpha ay nakalahad sa loob ng parisukat, ito ay ang paaralan, na may pinakamalaking porsiyento batay sa datos na pinanggagalingan ng umuusbong na salita buhat sa mga nakasasalamuhang mga kaklaseng ka-edad. Ang interaksiyon sa loob ng paaralan ay hindi lamang umiikot sa mga usaping gumagamit ng pormal na salita, maraming pagkakataon upang magpalit mula pormal patungong impormal ang mga nasa henerasyong Alpha. Ilan sa mga dahilan ng pagpapalit ng paggamit ng salita ay pakikipagkaibigan, upang makapabilang sa isang pangkat, at magkaroon ng usapang magaan na magtatatag ng relasyon sa loob ng pang-akademikong kapaligiran. Sila ay gumagamit ng salitang alam ng kausap, sa kadahilanang ito, napananatili ang ugnayan at pakikibagay sa isang pangkat. Sila rin ay may kabatiran sa mga umuusong salita na siyang dinadala nila sa usapan sa loob ng paaralan.

Sumunod ay ang mga online platform na ginagamit ng Alpha. Ilan pa sa mga pinagmumulan nito may kaugnayan sa sosyolingguwistikang komunidad, midya at komunikasyon. Dahil sa pagkakalantad ng makabagong henerasyong ito sa mga salita, nagiging daan ito upang magkaroon ng kaalaman ang Alpha at mataas na posibilidad na magamit ito.

Sa bahaging sentrong bilog na makikita sa modelo ay ang henerasyong Alpha na siyang pokus at sentro ng pag-aaral na ito. Ang henerasyong ito ang nagiging kasangkapan upang mapalawak pa ang mga umuusbong na salita patungo sa ibang henerasyon. Sila rin ay may access sa mga pinagmumulan ng umuusbong na salita tulad ng paaralan at online platforms na lumabas sa naging pag-aaral. May direktang impluwensiya ang mga ito sa mga madalas makasalamuhang henerasyon tulad ng nasa henerasyong Z at Y kung kapamilya o guro ito ng Alpha.

Dagdag pa rito, ang mga lugar o pinanggagalingan ng mga umuusbong na salita na nakalagay sa parisukat ay may impluwensiya sa kung papaano ginagamit ng makabagong henerasyong ito ang mga salita sa iba't ibang konteksto. Ang mga paggamit ng umuusbong na salita sa iba't ibang uri ng konteksto tulad ng pantahanan, pampaaralan, pangkaibigan, pang-text, pang-social media at pakikisalamuha sa araw-araw ay nagpapakitang iniaangkop ng mga nasa henerasyong Alpha ang kanilang salita depende sa sitwasyon at kausap. Madalas na nagagamit ang umuusbong na salita sa mga usapang magaan at masayang pakikipag-ugnayan. Naisasaalang-alang ang pormal na salita kung kinakailangan at impormal sa mas komportableng pagkakataon. Kung kaya't ipinapakita ng modelo ang ugnayan ng Alpha sa mga nakatatandang henerasyon. Mapapansing mabilis maimpluwensiyahan ang mga nasa malalapit na henerasyon kaysa sa pinakadulong henerasyon, ang Dakila. Ang putol na linya ng pana ay nagpapakita ng mahinang ugnayan ng Alpha at Dakila dahil na rin walang ideya ang nasa Dakila ukol sa umuusbong na salita. Nakamulatan na ng mga nasa nakatatandang henerasyon ang salitang pormal upang mapanatili ang kultura at nakagawaing porma at kahulugan nito.

Ang isa pang putol na linya ng arrow ay makikita sa dulong bahagi ng modelo. Ipinahihiwatig nitong habang lumalayo ang agwat ng edad o henerasyon sa isa't isa ay nagreresulta ng paghina sa komunikasyon buhat dito, ang kawalan ng kaalaman sa mga

ito ay magbubunsod sa mahinang paggamit ng nasa henerasyong Dakila sa mga umuusbong na salita.

Malawak ang impluwensiya ng mga Alpha sa pagkatuto, pagkakabuo at paggamit sa mga umuusbong na salita. Ito'y ginagamit sa komunikasyon upang makipag-ugnayan at magtayo ng malalim na koneksyon sa kapwa. Ngunit sa kabilang banda, naipakikitang hindi ito hadlang upang mapalitan ang kumbensiyonal na anyo ng isang salita. Nagpapahiwatig na mahina ang impluwensiya ng makabagong henerasyon sa mga nakaugat nang indibidwal na kabilang sa matandang henerasyon. Bagama't daluyan ng salitang may katangiang sunod sa daloy ng makabagong panahon, at nagtatakda sa lawak ng pagkatuto at paggamit nito, hindi maikakailang ang galaw ng wika sa lipunan ay may balanseng anyo sapat upang magkaroon ng ugnayan sa nakasasalamuhang indibidwal.

## Konklusyon

Batay sa mga nabanggit na mga kasagutan sa mga espisipikong katanungan, ang sumusunod na kongklusyon ay nailahad:

1.May mataas na pagkatuto at paggamit ang mga henerasyong Alpha sa mga umuusbong na salita.
2. May mababang paggamit sa mga umuusbong na wika buhat sa nakatatandang henerasyon (Dakila, Baby Boomer, X at Y) ngunit daluyan ang mga ito ng tradisyunal o lokal na wika. Samantalang, tagapagpadala ng bagong anyo ng salita ang mga nasa makabagong henerasyon (Z at Alpha) upang maipakita ang pagbabagong dala buhat sa digital na mundo.
3. May malawak na sakop ang paaralan, kaibigan at online platforms sa pagkatuto ng mga umuusbong na wika mula sa makabagong henerasyon (Henerasyong Alpha). Sa kabilang banda, may kontribusyon ang kontemporaryong panitikan upang magkaroon ng pagkatuto ang mga nasa henerasyong Alpha.
4. May limitasyon ang paggamit ng umuusbong na wika depende sa iba't ibang konteksto ng komunikasyon. Malimit magamit ito sa mga magaan na usapan at impormal na kaganapan. Ang paggamit sa mga ito ay nakatutulong sa pagpapadali ng usapan sa kapwa nasa henerasyong Alpha upang magkaroon ng magandang pakikipag-usap.
5. Ang modelong nabuo ay nagpakita ng konkretong galaw at pinagmumulan ng umuusbong na salita sa lokal na bayan ng Sto. Tomas, La Union na makatutulong upang maunawaan ang pagbabago ng salita ng makabagong henerasyong nagiging instrumento sa mas malawak pang komunikasyon sa loob ng isang lipunang kinabibilangan.

## Rekomendasyon

1. Maaaring magsilbing batayan sa mga pananaliksik na mabubuo sa hinaharap hinggil sa mga programang pangwika.

2. Pagsasagawa ng programang pangwika upang bigyang kaalaman ang mga nasa makabagong henerasyon hinggil sa paggamit ng pormal at impormal na wika para sa iba't ibang konteksto. Programang magpapayaman pa sa kumbensiyonal na anyo ng isang salita.
3. Pagsasagawa pa ng mga kaugnay na pag-aaral patungkol sa iba pang salik sa lipunan upang masubaybayan ang pagbabago ng wika sa lipunan.

## Konsiderasyong Etikal Sa Pag-Aaral

Sa isinagawang pananaliksik, pinahalagahan ang pribadong mga impormasyon mula sa kalahok ng pag-aaral. Nailahad mula sa ibinigay na consent forms sa mga tumugon nito ang layunin ng pag-aaral. Maging sa ginanap na panayam, humingi ng pahintulot sa tagatugon ng panayam ang pag-rekord sa naging usapan. Ang paggalang sa anomang sagot na ibinahagi sa inihandang talatanungan, pangyayari at usapan sa pagitan ng mananaliksik at ng kalahok ay isinaalang-alang at malinaw na ipinaliwanag ang privacy ng kanilang isinagot. Ang pagkuha ng larawan o video bilang dokumentasyon ay hiningan ng pahintulot mula sa mga kalahok.

Ang mananaliksik ang tanging may access sa mga isinulat na transcription. Ang mga datos ay buburahin matapos ang pag-aaral. Personal na pumunta sa mga kalahok sa bawat barangay na kabilang sa pag-aaral ang mananaliksik, bago ito isinagawa, humingi ng pahintulot ang mananaliksik sa kasalukuyang mayor sa bayan, sunod naman ay ang kapitan na namumuno sa bawat barangay. Upang mas mapadali ang pagkalap ng mga datos batay sa pangangailangan ng pag-aaral, humingi ang mananaliksik ng tulong mula sa barangay official na siyang gumabay sa mga lugar na pinuntahan at pagsasaalang-alang sa seguridad ng mananaliksik. Ang mga kalahok sa pananaliksik na may gulang na labingwalo pababa ay hiningan ng pahintulot na sumagot sa pag-aaral mula sa mga magulang o guardian nito. Para naman sa mga kabilang sa matatandang henerasyon tulad ng Dakila at Baby Boomer, humingi ng tulong ang mananaliksik sa mga malapit na kamag-anak o kasambahay para sa kaayusan sa tulong ng mga ito, sa pagkalap ng mga datos.

Walang salungatan ng interes sa pagsasagawa ng pananaliksik upang obhetibo ang resulta. Ito'y layunin pang-akademiko lamang. Ang anomang anyo ng plagiarismo ay iniwasan sa pamamagitan ng tamang pagkikilala sa mga sanggunian.

## REFERENCES

Ahamada, et.al (2019). Student Performance in MichaelHalliday's Seven Language Functions: Lesson Guides for Teaching/Learning English Discipline. International Journal of Innovation, Creativity and Change. Volume 10, Issue 6, 2019. www.ijicc.net

Alves Martins, M., Perret-Clermont, AN. William Peter Robinson: 1933–2021. Eur J Psychol Educ 36, 1243–1245 (2021). https://doi.org/10.1007/s10212-021-00578-6

Androutsopoulos, J. (2019). Influence of social media on language variation among the youth: A sociolinguistic study. Journal of Sociolinguistics, 23(2), 158–175. https://doi.org/10.1515/9783110171488.2.8.1496

Dayag, Alma at Mary Grace del Rosario. Pinagyamang Pluma: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Quezon City: Phoenix Publishing House, Incorporated. 2017.
Dimock, M. (2019). Defining Generations: Where Millennials End and Generation Z Begins. Pew Research Center.
Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. International Journal of Research Studies in Education, 9(3), 41-49. https://doi.org/10.5861/ijrse.2020.5823
Giles, H. (1977). Language, ethnicity, and intergroup relations. Academic Press. Published in cooperation with the European Association of Experimental Social Psychology.
Giles, H., & Ogay, T. (2007). Communication accommodation theory. In B. B. Whaley & W. Samter (Eds.), Explaining communication: Contemporary theories and exemplars (pp. 293–310). Mahwah, NJ: Lawrence Erlbaum.
Halliday's 7 functions of language. Retrieved from https://www.scribd.com/document/98193146/HALLIDAY-7-Functions-of-Language
Kolhar, M., Kazi, R. N. A., & Alameen, A. (2021). Effect of social media use on learning, social interactions, and sleep duration among university students. Saudi Journal of Biological Sciences, 28(4), 2216–2222.
Lachica, J. & Ferrer, J. (2024). Clicks and Conversations: Exploring the Factors Influencing Frequency of Ilocano Usage. Journal of English Language Education.
Malik, H and Malik, F (2022). Emile Durkheim Contributions to Sociology. International Journal of Academic Multidisciplinary Research (IJAMR). ISSN: 2643-9670 Vol. 6 Issue 2, Pages:7-10. www.ijeais.org/ijamr
McCrindle, M. (2020). The ABC of XYZ: Understanding the Global Generations. McCrindle Research.
Pew Research Center (2019). Millennials are the Largest Generation in the U.S. Labor Force. Pew Research.
Robinson, W.P. Language and Social Behaviour [by] W.P. Robinson. Penguin Education. 1972
Şahin, M. & Öztürk, G. (2019). Mixed Method Research: Theoretical Foundations, Designs and Its Use in Educational Research. International Journal of Contemporary Educational Research Volume 6, Number 2, 301-310 ISSN: 2148-3868.
Tagliamonte, S. A., & Denis, D. (2020). Digital communication and youth language practices: The impact of technology on linguistic choices. Language in Society, 49(1), 25–45.
Vygotsky, L. S. (1978). Mind in society: Development of higher psychological processes (M. Cole, V. Jolm-Steiner, S. Scribner, & E. Souberman, Eds.). Harvard University
Zahro, M. F., Fiorentisa, I. F.., & Fatini, A... (2020). Pengembangan Bahasa Anak Usia Dini Melalui Metode Bercerita dengan Boneka Tangan. PRESCHOOL: Jurnal Pendidikan Anak Usia Dini, 1(1), 14–21. https://doi.org/10.35719/preschool.v1i1.2

**APA Citation:**

Garcillan, J. G. V., & Macaltao, M. T. E. (2026). MGA UMUUSBONG NA SALITA: PAGKATUTO AT PAGGAMIT NG HENERASYONG ALPHA. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(4), 187–217. https://doi.org/10.5281/zenodo.19498071

Corresponding author: *garcillanjoshuagrace@gmail.com*